



State of California — Health and Human Services
Department of Health Care Services

P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9850



JOHN SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ADDRESS 2
ANYTOWN CA 90000

XX/XX/XXXX

Mahalagang Panghuling Paalala

Ang Paraan Kung Paano Mo Nakukuha ang Iyong Mga Benepisyong Medi-Cal ay Magbabago sa [MM/DD/YYYY]

Dapat kang mag-enroll sa isang planong pag-aalaga ng kalusugan na pinamamahalaan ng Medi-Cal upang makatanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal. Ang dahilan para sa pagbabagong ito ay upang makatulong na pagsamahin sa isang lugar ang mga serbisyong Medi-Cal mo.

Ito ang HULING paalalang liham na nagsasabi sa iyo tungkol sa mga opsyon mo sa pagpili ng planong Medi-Cal.

Maliban kung pumili ka ng ibang planong Medi-Cal, ang sakop mo sa [Health Plan Name]

ay ipatutupad sa MM/DD/YYYY. Pinili namin ang planong ito para sa iyo batay sa mga nakaraan mong serbisyo at mga pangangailangan sa pag-aalaga ng kalusugan, ngunit may karapatan ka pa ring pumili ng ibang planong Medi-Cal.

Kung mayroon kang Medicare, hindi maapektuhan ng pagbabagong ito ang iyong sakop na Medicare o ang kakayahan mong magpatingin sa iyong doktor sa Medicare.

Paano ako maapektuhan ng pagbabagong ito?

- Ikokoordina ng iyong planong Medi-Cal ang lahat ng iyong mga serbisyong sakop ng Medi-Cal kabilang ang Long Term Services and Supports.
- HINDI magbabago ang iyong mga serbisyo at tagapagbigay ng Medicare.
- HINDI magbabago ang mga serbisyo at benepisyo ng Medi-Cal.
- Ang pagiging nararapat mo sa Medi-Cal ay HINDI nagbabago at hindi ka magkakagasta ng ekstra.

Kung Medi-Cal lang ang mayroon ka, kailangan mong alamin mula sa iyong planong Medi-Cal para malaman kung ang mga tagapagbigay mo ay nagtatrabaho sa plano.

Ano ang Medi-Cal Long Term Services and Supports?

- Ang **In-Home Supportive Services (IHSS)** ay mga personal na serbisyo sa pag-aalaga para sa mga taong kailangan ng tulong upang ligtas na mabuhay sa mga tahanan nila. Kung kasalukuyan kang nakakatanggap ng IHSS, hindi mo kailangang palitan ang iyong mga tagapagbigay ng IHSS at maaari ka pa ring mag-hire, magpaalis at pamahalaan ang iyong mga tagapaglaan.
- Ang **Community-Based Adult Services (CBAS)** ay pang-araw na pag-aalaga ng kalusugan sa mga sentro na nagbibigay ng nursing, therapy, mga aktibidad at mga pagkain para sa mga tao na may ilang hindi gumagaling na kalagayan sa kalusugan.
- Ang **Multipurpose Senior Services Program (MSSP)** ay nagbibigay ng serbisyong koordinasyon ng lipunan at pag-aalaga ng kalusugan para sa mga taong nasa edad na 65 at mas matanda. Kung kasalukuyan kang nakakatanggap ng MSSP, ang iyong planong Medi-Cal ay magtatrabaho kasama ng iyong tagapaglaan ng MSSP upang mas mahusay na makoordina ang pag-aalaga sa iyo at hindi mo kailangang palitan ang iyong tagapaglaan ng MSSP.
- **Pag-aalaga sa nursing home:** Kung nakakatanggap ka ng pag-aalaga sa isang nursing home, makikipagtulungan ang iyong planong pangkalusugan sa iyong doktor at nursing home upang mas mahusay makoordina ang pag-aalaga sa iyo. Kung kasalukuyan kang nasa isang nursing home, hindi mo kailangang palitan ang iyong nursing home.

Kung hindi mo makuha ang mga serbisyong ito ngayon, matutulungan ka ng iyong planong Medi-Cal na makuha sila sa hinaharap kung kailangan mo sila.

Ano ang mga pagpipilian ko?

- **Manatili sa planong Medi-Cal na napili namin para sa iyo.** Kung magpasya kang ang [Health Plan Name] ay tama para sa iyo, wala kang kailangang gawin. I-enroll ka sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal simula sa MM/DD/YYYY.
- **Pumili ng ibang planong Medi-Cal.** Maaari mong repasuhin ang mga available na plano sa county mo upang makita kung ang isa sa mga iyon ay mas mahusay para sa iyo. Pinadalhan ka namin ng pakete ng pagpipilian na nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga planong maaari mong piliin.
 - Maaari kang makipag-ugnayan sa Health Care Options sa 1-844-580-7272 upang pumili, o punan, lagdaan at isauli ang Form ng Pagpipilian ng Planong Pangkalusugan ng Medi-Cal bago ang MM/DD/YYYY. Kung kailangan mo ng isa pang kopya ng pakete ng pagpipilian, tumawag sa Health Care Options.

Para sa tulong o karagdagang impormasyon

Kung mayroon kang Medicare, mangyaring tumawag sa **California Health Insurance Counseling & Advocacy Program (HICAP) sa 1-800-434-0222 (TTY: 711).**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Medicare, mangyaring tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Kung gusto mong pumili ng ibang planong Medi-Cal, at/o makuha ang liham na ito sa ibang wika o kahaliling format – katulad ng malaking print, audio, o Braille, mangyaring tumawag sa Health Care Options mula Lunes-Biyernes 8am-5pm sa 1-844-580-7272 o TTY sa: 1-800-430-7077.